

KASUNDUAN SA CALFRESH PROGRAM RESTRICTED ACCOUNT BAHAGI A

PANGALAN NG KASO	NUMERO NG KASO
PANGALAN NG MANGGAGAWA NG COUNTY	NUMERO NG MANGGAGAWA

Basahin at inisyalan ang bawat isa sa mga tuntunin na nasa ibaba.

Inisyal	Naiintindihan ko na:
	Ang mga pondo ay dapat panatilihin sa isang pinansiyal na institusyon, tulad ng isang bangko, credit union, savings and loan, atbp., at lahat ng mga pondo sa aking Restricted Account ay dapat panatilihin nakahiwalay sa alinmang ibang account.
	Dapat akong magbigay ng katunayan ng impormasyon sa account. Sa ilang halimbawa ng impormasyon sa account ay kabilang ang: ● Pahayag ng bangko o resibo mula sa isang bangko, credit union atbp. na nagpapakita ng pangalan at direksiyon ng bangko ● Lahat ng mga balanse at aktibidad ng account mula sa petsa na pinirmahan ang Kasunduan sa Restricted Account ● Ang (mga) pangalan sa (mga) account
	Naiintindihan ko na sa mga halimbawa ng katunayan kung paano ko ginasta ang mga pondo na inilabas mula sa (mga) Restricted Account, ay kabilang ang mga sumusunod: ● Kinanselang (mga) tseke ● Pinirmahang (mga) pahayag mula sa (mga) tagapagkaloob ng kalakal o mga serbisyo na nagpapakita ng uri at halaga ng (mga) gastos na binayaran ● (Mga) resibo
	Itong Kasunduan sa Restricted Account ay titigil: ● Kapag hindi ako nagbigay sa manggagawa ng katunayan tungkol sa Restricted Account ● Kapag ang aking pamilya ay inalisang ng mga benepisyo ng CalFresh ● Kapag ang Restricted Account ay sinarhan ● Kung ang batas sa Restricted Account ay nagbago
	Walang limitasyon sa pinakamalaking halaga ng impok sa isang restricted account. Maaari akong magtaglay ng higit sa isang restricted account, at ang mga pondo sa lahat ng mga restricted account ay hindi ibibilang sa limitasyon ng kakayahan ng aking pamilya.
	Kung ang aking mga benepisyo ng CalFresh ay tumigil sa anumang dahilan, at kung ako ay muling nag-aplay para sa mga benepisyo ng CalFresh, at may pagkaputol sa mga benepisyo, ang aking kabuuang maibibilang na mga kakayahan, kabilang ang anumang pera sa (mga) Restricted Account, ay hindi maaaring mas malaki kaysa \$2,000/\$3,250 na limitasyon sa kakayahan. Ako ay dapat pumasok sa isang bagong Kasunduan sa Restricted Account sa aplikasyon na magsimula ng isang bagong Restricted Account. Ang isang Kasunduan sa Restricted Account ay kinakailangan kung may pagkaputol sa tulong.
	Kung ang mga pondo mula sa aking (mga) Restricted Account ay inilabas at hindi ginasta para sa isang ipinahihintulot na gastos, kahit mayroon akong mga gastos para sa isang pagkamatay o nagbabanta-sa-buhay na emerhensiya, ang inilabas na halaga ay ibibilang sa limitasyon sa kakayahan at muling tatayahan ng county ang lahat ng mga kakayahan.
	Ang pangangailangang magkaroon ng mga kakayahan na malapit sa aking \$2,000 na limitasyon sa kakayahan (\$3,250 kung may kahit isang miyembro ng sambahayan na may kapansanan/edad 60 o mas matanda) para sa mga emerhensiya o ibang mga gastos bago ko simulan ang isang Restricted Account.
	Kung ako ay nag-uulat ng kita at mga pagbabago sa sambahayan tuwing anim na buwan at naglabas ng mga pondo sa panahong iyon, ako ay inaatasan na mag-ulat ng paglabas sa susunod na ulat ng kita (SAR 7) o muling pagsesertipika na dapat nang matanggap. Kung ako ay hindi isang sambahayan na Nag-uulat Tuwing Anim na Buwan, dapat kong iulat ang mga paglabas sa loob ng 10 araw ng paglabas.
	Ang interes na kinita sa alinmang (mga) Restricted Account ay dapat ideposito nang direktso sa (mga) account. Kung ang interes ay ipinadala sa akin, dapat ko itong ibalik sa Restricted Account.
	Ang perang naipon sa isang Restricted Account ay magagasta lamang para sa isa o higit na ipinahihintulot na mga gastos na tuwirang may kaugnayan sa: ● Pagbili ng bahay na titirahan ko ● Pagsisimula ng isang bagong negosyo ● Edukasyon o pagsasanay para sa trabaho para sa humahawak ng account at kanyang (mga) nakadepende

Sertipikasyon

Nabasa ko ang pabalat. Naiintindihan ko ang mga tuntunin at aking mga responsibilidad gaya ng inisyalan sa itaas para sa pagsisimula at pagpapanatili ng isang Restricted Account, at ang pangangailangan na magkaroon ng mga kakayahan na malapit sa aking \$2,000 na limitasyon sa kakayahan o \$3,250 (kung may kahit isang miyembro ng sambahayan na may kapansanan o edad 60 o mas matanda) para sa mga emerhensiya o ibang mga gastos bago ko simulan ang isang **Restricted Account**. Magtatanong ako sa aking manggagawa kung hindi ako sigurado kung ano ang isang ipinahihintulot na gastos, anong katunayan ang aking kailangan, o kailan dapat ibigay ang katunayan sa county.

PIRMA O MARKA NG PUNO NG SAMBAHAYAN O PINAHINTULUTANG KINATAWAN	PETSA
PIRMA O MARKA NG TESTIGO AT/O INTERPRETER	PETSA